



# Programa sa Medical Baseline

Pagtitipid at kaligtasan para sa mga taong may espesyal na pangangailangan sa kuryente

## Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Programa

Ang **Medical Baseline Program ng PG&E** ay isang programang pantulong para sa mga kliyenteng residensiyal na may espesyal na pangangailangan sa kuryente dahil sa mga kuwalipikadong karamdaman. Nakabatay ang pagiging kuwalipikado sa mga karamdaman o pangangailangan ng isang tao sa tahanan ninyo, HINDI dahil sa kita. Kasama sa programa ang dalawang uri ng tulong:

- Isang mababang bayad sa inyong buwanang singil sa kuryente (karagdagang kuryente sa pinakamababang halaga ng bayad)
- Mga karagdagan at abanteng abiso ng Pagpatay sa Kuryente para sa Kaligtasang Pampubliko (PSPS)

### Mga Halimbawa ng Kuwalipikadong Karamdaman at mga Device:

- Multiple sclerosis
- Hika/Sleep Apnea
- Espesyal na Pangangailangan sa Pagpapainit/Pagpapalamig
- Mga Respirator
- Mga De-motor na Wheelchair
- Mga Makinarya IPPB/CPAP
- Mga Makinarya para sa Hemodialysis



Para sa buong listahan ng mga kuwalipikadong karamdaman at kagamitan, bisitahin ang [pge.com/medicalbaseline](http://pge.com/medicalbaseline) o tumawag sa 1-800-743-5000.

### Mga Karagdagang Abiso sa Panahon ng isang Pangyayaring PSPS

Kapag nagbabanta ang kondisyon ng masamang lagay ng panahon sa isang bahagi ng sistemang elektrikal na ginagamit sa inyong komunidad, posibleng kailanganin ng PG&E na patayin ang kuryente para sa interes ng kaligtasang pampubliko. Tinatawag itong PSPS.

Kung posible, magbibigay ang PG&E ng mga karagdagang alerto para sa mga sambahayan na kasali sa Medical Baseline Program bago dumating o sa oras ng gayong pangyayari para tulungan silang makapaghanda.

Kung hindi namin kayo makontak sa pamamagitan ng telepono, text o email, susubukan ng PG&E kung posible na kumatok sa pinto ng mga kliyente na umaasa sa kuryente para sa napakahalagang kasangkapang pansuporta sa buhay.

# PAG-A-APPLY SA MEDICAL BASELINE PROGRAM NG PG&E MADALI LANG ITO!

**1 TINGNAN KUNG KUWALIPIKADO KAYO.**  
Tingnan ang buong listahan ng magagamit na kuwalipikadong karamdaman/kagamitan sa [pge.com/medicalbaseline](http://pge.com/medicalbaseline) at makipagtulungan sa isang kuwalipikadong medical practitioner na magbibigay ng sertipikasyon na ang isang palagiang naninirahan sa inyong tahanan ay kailangang gumamit ng mga kuwalipikadong kasangkapang medikal (o may tiyak na pangangailangan sa pagpapainit/pagpapalamig) para pagalingin ang mga nagpapatuloy na karamdaman. Tandaan, ang pagiging kuwalipikado para sa Medical Baseline ay nakabatay sa medikal na kalagayan o pangangailangan, HINDI sa kita.

**2 BISITAHIN ANG [pge.com/medicalbaseline](http://pge.com/medicalbaseline)** para makapag-download at print ng application form ng Medical Baseline Program o tumawag sa **1-800-743-5000** at humiling na mapadalhan kayo ng kopya.

**3 PUNUAN AT LAGDAAN** ang Part A ng application form ng Medical Baseline Program, kasama ang inyong mas gustong paraan ng pagkontak, at tiyakin na napunuan at napirmahan ng kuwalipikadong medical practitioner ang Part B. Pagkatapos, ipadala ito sa mail sa:

**PG&E Credit and Records Center  
Medical Baseline  
P.O. Box 8329  
Stockton, CA95208**

## May Plano ba Kayo Kung Paano Manatiling Ligtas Kapag may Mga Pagkawala ng Koryente?



**PANATILIHING BAGO ANG INYONG IMPORMASYON SA PAGKONTAK** sa pamamagitan ng pagbisita sa [pge.com/mywildfirealerts](http://pge.com/mywildfirealerts) o pagtawag sa **1-800-743-5000**.



**PAGHANDAAN AT MAGSANAY NG ISANG PLANO** para manatiling ligtas kayo at ang inyong pamilya sa oras ng isang emergency. Bisitahin ang [pge.com/wildfiresafety](http://pge.com/wildfiresafety) para sa mga hakbang sa paghahanda.



**ALAMIN ANG MGA PINAKABAGONG IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA PAGKAWALA NG KORYENTE** sa pagbisita sa [pge.com/outages](http://pge.com/outages).



**SA PANAHON NG PAGPATAY SA KORYENTE PARA SA KALIGTASANG PAMPUBLIKO** paki-sagot ang mga tawag at/o sagutin ang mga mensahe sa text mula sa **1-800-743-5002**. (Payo: I-save itong numero sa telepono ninyo)



**KAKAILANGANIN BA NINYO ANG KARAGDAGANG TULONG SA PANAHON NG PAGPATAY NG KURYENTE?** Kung kayo o ang kakilala ninyo ay may kapansanan o karagdagang espesyal na pangangailangan, makakatulong sa inyo ang California Foundation for Independent Living Centers sa panahon ng PSPS. Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang [disabilitydisasteraccess.org](http://disabilitydisasteraccess.org).

Dahil sa mga kahingian ng COVID-19 shelter-in-place at nagbabagong prioridad ng medical practitioner, puwedeng i-certify ng mga kliyente ang kanilang sariling pagiging kuwalipikado sa Medical Baseline Program. Hindi na kailangan ang lagda ng kuwalipikadong medical practitioner para makapag-apply pero baka kailanganin na manatili sa programa nang lagpas sa isang taon.

## TALA PARA SA MGA PROPESYONAL NA MEDIKAL

Ang lisensiyadong doktor, na lisensiyadong tao sang-ayon sa Osteopathic Initiative Act, dalubhasang nars o katulong ng doktor ang puwedeng magpatunay sa pagiging kuwalipikado ng pasyente kaugnay ng banta sa buhay na karamdaman o sakit para sa Medical Baseline Program. Hindi konektado ang programang ito sa iba pang programa sa pagtulong sa paggamot gaya ng Medicare o Medi-Cal at nagbibigay lamang ng mas mababang pagbabayad sa PG&E at mga karagdagang abiso sa panahon ng PSPS. May buong listahan ng mga kuwalipikadong kondisyon at mga kagamitan sa [pge.com/medicalbaseline](http://pge.com/medicalbaseline).